# OBHA

## TANGGAPAN NG BEHAVORIAL HEALTH ADVOCACY

***Nahihirapan sa pagresolba ng problema sa isang Behavioral Health Provider, Facility, state hospital o state agency sa state of Washington?***

***Pakiramdam mo ba nilabag ang mga karapatan mo ng iyong behavioral health service provider?***


***Pakiramdam mo ba hindi nakakatanggap ang mahal mo sa buhay ng sapat at naaangkop na pangangalaga mula sa kaniyang behavioral health provider o behavioral health system?***

**Libre at confidential ang mga serbisyo ng Behavioral Health Advocate. Sinusuportahan nila ang isang tao sa pamamagitan ng pagbibigay-kakayahan na epektibong mag-advocate para sa kanilang sarili, o mag-advocate para sa ibang tao. Maaari silang mag-advocate ng sapat na resolusyon o mag-assist sa pag-setup ng mga meeting at mediation. Layunin nilang magresolba ng mga isyu sa pinakamababang antas na posible sa behavioral health service provider.**

## ANG MAGAGAWA NAMIN: ANG MGA KARAPATAN MO:

- **Mag-research sa sitwasyon na concern mo**
- **Magkaloob ng pag-aaral tungkol sa Behavioral Health System at mga karapatan mo at responsibilidad**
- **Suportahan ka sa pagbe-brainstorm ng mga ideya at pagkakaroon ng kakayahan na mag-advocate para sa sarili**
- **I-assist ka sa mga reklamo, grievance, apela, at mga proseso sa Administrative Hearing**
- **I-assist ka sa pakikipag-usap sa provider mo para maresolba ang concern**
- **Magkaloob ng impormasyon tungkol sa mga ibang resources na maaaring makatulong sa iyo**
- **I-assist ang kamag-anak o suportahan gamit ang impormasyon at resources**
- **Sa pamamagitan ng authorization mula sa indibidwal na tumatanggap ng behavioral health services, maaari naming i-assist/suportahan ang mga kamag-anak o sumuporta sa mga reklamo, grievance, apela, at mga proseso ng administrative hearing**
- **Mag-assist sa pagkompleto ng Behavioral Health Advance Directive**
- **Mag-coordinate at mag-collaborate sa mga allied system at agency advocacy at ombuds services**
- **Ipaalam sa mga indibwal at residente na tumatanggap ng behavioral health services ang kanilang boluntaryo at di-boluntaryong karapatan**

### Managed Care Service Regions




1 King County Region
kingcountymobhadvocacy.org

2 Pierce County Region
piercecounty@obhadvocacy.org

3 Thurston-Mason Region
thurstonmason@obhadvocacyorg

4 Great Rivers Region
greatrivers@obhadvocacy.org

5 Southwestern Region
southwesterngiobhadvocacy.org

6 Greater Columbia Region
greatercolumbia@obhadvocacy.org

7 Spokane Region
spokaneregion@obhadvocacy.org

8 North Central Region
northcentral@obhadvocacyorg

9 North Sound Region
northbound@obhadvocacy.org

10  Salish Region
salish@obhadvocacyorg

## ANG MGA KARAPATAN MO:

- **Tratuhin nang mga respeto, dignidad, at privacy**
- **Gumawa ng behavioral health advance directive na nagpapahayag ng mga pagpili mo at preperensiya sa mental health care services**
- **Tumanggap ng serbisyo na angkop sa edad at kultura**
- **Mapagkalooban ng sertipikadong interpreter at nakasaling materyales nang walang bayad**
- **Makaiwas sa paghihiganti**
- **Tumanggap ng pangangalaga na hindi nakaka-discriminate**
- **Makaiwas sa anumang sexual exploitation o harassment**
- **Makapili mismo ng behavioral health care provider para sa sarili at sa anak, kung ang anak ay mas mababa sa 13 taong gulang**
- **Sumama sa treatment decisions kabilang ang karapatan na tumanggi sa treatment**
- **Makatanggap ng second opinion mula sa mental health professional sa MCO area mo kung hindi ka sang-ayon sa iyong provider**
- **Makatanggap ng medically necessary behavioral health services, na konsistent sa access to care standards na in-adopt ng health care authority sa managed care waiver nito sa federal government**
- **Ipaliwanag sa iyo ang mga available na treatment options at alternatibo**
- **Makatanggap ng paliwanag sa lahat ng mga niresetang gamot at mga posibleng side effects**
- **Mag-file ng grievance sa Managed Care Organization kung hindi ka kontento sa serbisyo**
- **Makatanggap ng mga serbisyo ng Behavioral Health Advocate para tulungan kang mag-file ng grievance, apela, o mag-request ng administrative hearing**
- **Magpalit ng behavioral health care providers sa anumang oras para sa anumang dahilan**

***Ang mga karapatang nilista sa itaas ay tinipon lang at hindi kompletong listahan, puntahan ang website namin para sa kompletong listahan ng iyong mga karapatan sa behavioral health service.***

***I-SCAN ANG CODE NA ITO PARA PUNTAHAN ANG WEBSITE NAMIN***

## KONTAKIN KAMI SA: (800) 366- 3103 OBHADVOCACY.ORG